Disability Rights California

Sistema ng proteksyon at pagtataguyod ng California

BAY AREA REGIONAL OFFICE
1330 Broadway, Suite 500
Oakland, CA 94612
Tel: (510) 267-1200
TTY: (800) 719-5798
Libreng Toll: (800) 776-5746
Fax: (510) 267-1201
www.disabilityrightsca.org

Para sa Kagyat na Paglalathala **Mga kontak: Fred Nisen (510) 267-1200**
Hillary Sklar (213) 427- 8747

Hunyo 1, 2010

Hunyo 8: Pambuong estadong hotline para sa mga botanteng may kapansanan, bukas 7 am - 8 pm

Oakland, CA – Ang mga taga-California na may kapansanan na boboto sa pambuong estadong pangunahing eleksyon sa Hunyo 8 ay magkakaroon ng libreng toll na hotline sa pagtulong sa pagkamit ng pantay na access sa proseso. Sa pamamagitan ng pagpopondo mula sa Help America Vote Act, Disability Rights California, (dating Protection and Advocacy, Inc.), ay ang magpapatakbo sa hotline nang maagang-maaga hanggang sa magsara ang mga botohan sa Hunyo 8. Ang mga tauhang may karanasan sa mga isyu sa pagboto ang sasagot sa mga tawag sa telepono mula sa mga botanteng may kapansanan na nahihirapang puntahan ang mga lugar ng botohan, pagboto o may mga katanungan tungkol sa pagboto.

Ang pangunahing layunin ng hotline ay upang ayusin ang mga problema sa Araw ng Eleksyon na lumilikha ng hadlang sa pagboto ng mga taong may mga kapansanan na bumoto nang malaya at pribado. Mga halimbawa ay: limitadong access para sa mga botanteng naninirahan sa mga nursing home at ibang mga tinitirahang pasilidad; mga lugar ng botohan na may hindi naa-access na parking o matatarik na rampa sa gilid ng bangketa; makikitid na pintuan at pasilyo; kagamitan sa pagboto na nakalagay sa hindi maabot na mesa o entablado; mababang mga pagsasanay sa kapansanan para sa mga tauhan ng botohan; at, mga pook ng botohan na sinasabing “accessible” kung hindi naman. Bilang karagdagan, ginagamit ng Disability Rights California ang hotline upang sumubaybay at tumugon sa mga sistematikong isyu.

Patatakbuhin ang hotline 7 am - 8 pm sa Hunyo 8. Ang aming hotline ay handang tumanggap ng mga tawag na voice at TTY. Ang numero ng libreng-toll para sa mga tawag na voice ay: **888- 569-7955**. Ang numero ng libreng-toll para sa mga tawag na TTY ay: **800-719-5798**. Ang mga indibidwal na nagsasalita ng mga wika bukod sa Ingles ay dapat sabihin ang kanilang wika at ikukonekta ang isang interpreter sa tawag. Ang mga tumatawag na ninanais na gamitin ang California Relay Service, Speech to Speech Service o Video Relay ay maaaring i-dial ang 711.